# Patnubay sa Pagpaparehistro ng Tunay-na-pangalan para sa Mga SIM Card

*Madali, Maginhawa at Mabilis!*

*Nakapagrehistro Ka Na Ba?*




Panahon ng Pagpaparehistro

**1·3·2022 – 23·2·2023**

www.ofca.gov.hk/simreg

Ang Regulasyon sa (Pagpaparehistro ng Mga SIM Card) Mga Telekomunikasyon ay naging mabisa na.
Lahat ng pre-paid na mga SIM card na inisyu ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa telekomunikasyon sa Hong Kong ay kailangang kumpletuhin ang pagparehistro ng tunay-na-pangalan sa loob ng panahon ng pagpaparehistro (i.e. 1 Marso 2022 - 23 Pebrero 2023).

**Umiiral na mga SIM Card**
- SIM Service Plan
- Pre-paid na SIM Card

**Bagong Inisyu na SIM Card**
- Kailangang kumpletuhin ang pagparehistro ng tunay-na-pangalan bago ang aktibasyon
- (Pre-paid na SIM Card) Ang pagparehistro ng tunay-na-pangalan ay dapat kumpletuhin sa o bago ang 23 Pebrero 2023
- (SIM Service Plan) Ang pagparehistro muli ay hindi na kailangan (maliban kung may pagbabago ng tagapagbigay ng serbisyo o suskrisyon sa bagong numero ng telepono)

1 Marso 2022 — 23 Pebrero 2023

| | Indibidwal na User^ | Corporate na User |
|---|---|---|
| Impormasyon na kinakailangan para sa pagparehistro | Pangalan<br>Petsa ng Kapanganakan<br>HKID num.*<br>Kopya ng HKID* | Impormasyon sa rehistro ng negosyo<br>Personal na impormasyon ng responsableng tao |
| Ang mataas na limitasyon ng pre-paid na mga SIM card na nakarehistro sa bawat tagapagbigay ng serbisyo | 10# | 25# |

^ Ang pagparehistro ng mga user na wala pa sa edad na 16 ay nangangailangan ng pag-endorso ng isang adulto na may edad 18 o mas mataas pa at ang personal na impormasyon ng adultong iyon ay irerehistro.
* Kapag ang user ay isang manlalakbay, kailangan niyang gamitin ang isang pasaporte o iba pang balido na dokumentong pagkakakilanlan na tinukoy sa Regulasyon.
#Walang limite sa serbisyo ng mga plano ng SIM.

## Mga Channel sa Pagpaparehistro

- Shop ng Kanya-kanyang Tagapagbigay ng Serbisyo
- Website
- Mobile na Aplikasyon (Mga App)

## Mga Hakbang ng Pangkalahatang Pagpaparehistro

(Mangyaring sumangguni sa aktwal at detalyadong mga pamamaraan ng kanya-kanyang mga tagapagbigay ng serbisyo)

1. Ipasok ang SIM card na nangangailangan ng pagparehistro ng tunay-na-pangalan sa handset, i-activate ang serbisyo ng mobile data at idiskonekta ito sa Wi-Fi.
2. Suriin ang notipikasyon na ipinadala ng kanya-kanyang mga tagapagbigay ng serbisyo sa pamamagitan ng mensahe sa SMS o iba pang mga paraan upang simulan ang mga pamamaraan ng pagrehistro. Ang notipikasyon ay naglalaman ng numero sa telepono na mobile ng SIM card, pangalan ng tagapagbigay ng serbisyo, link ng pagrerehistro, atbp.
3. I-input o patunayan ang numero ng mobile o numero ng ICCID ng SIM card na nangangailangan ng pagparehistro ng tunay-na-pangalan (ang ilang mga operator ay maaaring magpapadala ng one-time na password para sa pagpapatunay).
4. Ihanda ang dokumento* ng pagkakakilanlan; litrato o mag-upload ng imahe ng orihinal na dokumento ng pagkakakilanlan.
5. Suriin at kumpirmahin ang kinakailangan na impormasyon na maging awtomatikong kinuha galing sa dokumento ng pagkakakilanlan at gagawa ng mga pagbabago kung kailangan.
6. Kilalanin ang kaugnay na mga pagtatatuwa na nauugnay sa pagparehistro ng tunay-na-pangalan at pagkolekta ng personal na data.
7. Kumpletuhin ang proseso ng pagparehistro/aktibasyon. Ang mga user na matagumpay na nakakumpleto sa pagparehistro ng tunay-na-pangalan ay makatatanggap ng kumpirmasyon na SMS mula sa kanya-kanyang mga tagapagbigay ng serbisyo.

* Kapag ang user ay nagmamay-ari ng HKID, kailangan niyang gamitin ang ang kanyang HKID upang kumpletuhin ang kanyang pagparehistro.
Kapag ang user ay isang manlalakbay, kailangan niyang gamitin ang isang pasaporte o iba pang balido na dokumentong pagkakakilanlan na tinukoy sa Regulasyon.

## Mga Tanong na Madalas Tinatanong

**Paano kung ako ay nabigo sa pagparehistro ng aking umiiral na pre-paid na mga SIM card sa o bago ang 23 Pebrero 2023?**
Ang yaong pre-paid na mga SIM card na hindi narehistro ay gagawing hindi na aktibo.

**Paano ko malaman kung ang aking SIM card ay nangangailangan ng pagparehistro ng tunay-na-pangalan?**
- Lahat ng bagong mga SIM card na inisyu mula 1 Marso 2022 pasulong ay magagamit lamang matapos makapagkumpleto ng pagparehistro ng tunay-na-pangalan.
- Ang mga user ng umiiral na planong serbisyo ng SIM ay hindi na kailangang magrehistro muli, maliban kung sila ay lumipat sa ibang tagapagbigay ng serbisyo o magsuskribi ng bagong numero ng telepono.
- Para sa umiiral na pre-paid na mga SIM card na ginagamit, ang mga tagapagbigay ng serbisyo ay magpapadala ng SMS na paalala sa mga user sa pamamagitan ng adres na tagapadala ang "SIMREG".

**Paano mapoprotektahan ang aking personal na impormasyon?**
- Ang personal na impormasyon ay direktang ibinigay ng mga user sa mga tagapagbigay ng serbisyo.
- Kailangang siguraduhin ng tagapagbigay ng serbisyo na ang nakarehistrong impormasyon ay maayos na naitago at hindi ginagamit sa maling paraan.
- Kailangang mahigpit na ipapatupad ng mga tagapagbigay ng serbisyo ang Ordinansa sa Personal na Data (Pagkapribado) (Cap. 486) at ang kaugnay na mga kinakailangan upang siguraduhin ang maayos na pagtago sa impormasyon ng mga user. Ang Mga Awtoridad ng Mga Komunikasyon ay nag-isyu rin ng mga alituntunin, na naghihiling sa mga tagapagbigay ng serbisyo na, bukod sa iba pa, maayos na hawakan at maitago ang impormasyon ng mga user sa pagsunod sa Regulasyon.

## Katanungan

Para sa katanungan, mangyaring tawagan ang kanya-kanyang mga tagapagbigay ng serbisyo.
Maaari ka rin bumisita sa website ng Tanggapan ng Awtoridad sa Mga Komunikasyon:
www.ofca.gov.hk/simreg
Hotline sa Tanggapan ng Awtoridad sa Mga Komunikasyon: 2961 6699

www.ofca.gov.hk/simreg

商務及經濟發展局 Commerce and Economic Development Bureau

OFCA 通訊事務管理局辦公室 OFFICE OF THE COMMUNICATIONS AUTHORITY